Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-3 NG PEBRERO, 1999. MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 030-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY BUBUKAL, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG WALONG DAAN APATNAPU'T DALAWANG LIBO WALONG DAAN SAMPUNG PISO AT LABINTATLONG SENTIMOS (P842,810.13).

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Taunang (1999) Badyet ng Barangay Bubukal na nagkakahalaga ng P842,810.13.

SAPAGKA'T, matapos ang pagsusuri at ilang pagwawasto sa Taunang Badyet ng nabanggit na barangay ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi ng sangguniang ito na irekomendang pagtibayin na ang nasabing badyet ng barangay;

SAPAGKA'T, anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Bubukal;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar, Louie C. de Leon, Angelito U. Limjuco at Edgardo T. Forca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay Bubukal, bayang ito na nagkakahalaga ng P842,810.13.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE 2-12